# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised July 2022

## ST400 Ang Kaharian at Iglesya ng Diyos

### ST402 Kingdom Lifestyle
### Part 1: Ang malapad at makipot na daan

Sa Sermon on the Mount, Matthew 7:13, ganito ang sabi ni Cristo: *Pumasok kayo sa makipot na gate. Kasi'y malaki ang gate at malapad ang kalyeng papunta sa kapahamakan, at marami ang dumaraan doon. Ngunit maliit ang gate at makipot ang daan na patungo sa buhay, at ilan lamang ang nakatatagpo noon.* Sa John 3:3 at Matthew 5:3,10 sinasabi ni Cristo na ang kaharian ng Diyos ay masusumpungan lamang ng mga nakararanas ng muling kapanganakan at ito ay tinataglay ng mga aba sa espiritu at dumaranas ng pagpapahirap dahilan sa kanilang pagiging matuwid.

Maliwanag na tinuturo ng Panginoong Jesus na ang karamihang tao sa mundo ay walang interes sa mga bagay patungkol sa kaharian ng Diyos. Abalang-abala ang madla sa pagtataguyod ng kani-kanilang munting kaharian. Pipiliting kumita ng pera ng mag-asawa upang makaipon, una, ng pang-*down* sa isang munting bahay. Kapag nakalipat na sila, mag-iipon o mangungutang naman ng pambili ng mga kasangkapan at *appliances.* Magkabaon-baon man sa utang, mangibang-bayan man at mawalay nang matagal sa pamilya, gagawin ang lahat upang makapagtayo ng munting kaharian na sa kanilang palagay ay ang makapagdudulot sa kanila ng kaligayahan at securidad. Karamihan sa mga mananampalataya ay ganito rin ang prioridad sa buhay. "Saka na ako magfu-*full-time* sa *ministry;* mag-iipon muna ako," ang madalas nilang panganga-tuwiran.

Ang pagtuturo ng Panginoong Jesus tungkol sa Kanyang kaharian ay ikinubli Niya - sa pang-unawa ng mga ayaw pasakop ng kusang loob sa Kanyang kapangyarihan - sa pamamagitan ng paggamit ng *parables*. Sa *parable of the sower*, nililiwanag ni Cristo na hindi lahat ng makaririnig ng mensahe tungkol sa kaharian ay tatanggap ng balitang ito. Sa *parable of the mustard seed* naman mauunawaan natin na ang kaharian ay nagsisimula nang napakaliit lamang subalit natatapos ng napakalaki. Sa *parable of the leaven* hinalintulad ang kaharian sa lebadura na nang isinama sa arina ay parang walang epekto hanggang sa ang buong masa ay umalsa. Sa *parables of hidden treasure* at *priceless pearls* naman itinuturo na ang pagkakamit ng kaharian ay desisyon ng bawat isa at ang pagsubok ay kung kaya nating itakwil ang lahat ng bagay na mahalaga sa atin upang makamtan natin ang kahariang ito.

Sa 1 Timothy 6:6-10 sinasabi ni Pablo na *ang pagiging makadiyos na may kalakip na pagkacontento ay malaking ganansya. Wala tayong dala-dala nang pumasok sa mundo, at wala tayong madadala palabas dito. Kung mayroon tayong pagkain at damit, macontento tayo sa kalagayang ito. Ang mga taong gustong yumaman ay nahuhulog sa temtasyon at patibong at sa maraming naising kahangalan at nakasasakit na nagbabagsak sa tao sa kasalatan at kawasakan. Pagkat ang pagmamahal sa pera ay isang ugat ng kung ano-anong kasamaan.*

Kinakailangang maging maingat na maingat ang mga mananampalataya kay Cristo na huwag mahulog sa pananaw na ang kayamanan ay makapagdudulot ng kaligayahan at kasiguruhan para sa kinabukasan. Dapat na matutuhan nating macontento sa katapatan ng Diyos, na kumakatagpo ng lahat ng ating

pangangailan sa araw-araw. Huwag nating kalilimutan na malapad ang daang palayo sa Diyos at makipot lang ang daang palapit sa Kanya. Kailangang pag-isipang mabuti ng mga mananampalataya ang sinabi ni Apostol Pablo sa 1 Timothy 6:17: *Utusan mo ang mga mayayaman sa pangkasalukuyang mundong ito na huwag maging arogante o maglagay ng pag-asa sa kayamanan, na walang kasiguruhan, bagkos ay umasa sa Diyos, na naglalaan ng lahat ng bagay para sa ating kasiyahan.*

**Part 2: Separated not isolated na pamumuhay**

Malapit na ang takdang oras ng Kanyang gagawing pagtubos sa kasalanan ng tao. Minsan, kausap ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga disipulo. Ang sabi ni Jesus: *Kung kayo ay kamumuhian ng mundo, tandaan ninyo na nauna Akong kinamuhian nila. Kung kayo ay taga-mundo, mamahalin nila kayong parang kanila. Sa katunayan, hindi kayo taga-mundo kundi hinirang Ko kayo mula sa mundo. Kaya nga, kayo ay kinasusuklaman ng mundo. Pakatandaan ninyo itong Aking mga tagubilin: Walang servant na mas higit pa sa kanyang master. Kung Ako ay kanilang inalipusta, aalipustahin din nila kayo. Kung sinunod nila ang Aking pangaral, susundin din nila kayo* (John 15:18-20).

Sa isa pang pagkakataon, habang ang mga mananampalataya ay laman ng Kanyang isipan, nanalangin si Jesus sa Kanyang Ama sa langit: *Papunta na Ako sa Iyo, subalit bibigkasin Ko ang mga bagay na ito habang Ako ay narito pa sa mundo, upang malasap nila nang buong-buo sa kanilang kalooban ang Aking kagalakan. Ibinigay Ko sa kanila ang Iyong salita at sila ay kinamuhian ng mundo, sapagkat tulad Ko sila ay hindi taga-mundo. Ang dalangin Ko ay ang huwag Mo silang alisin sa mundo kundi protektahan sila laban sa diablo. Hindi sila taga-mundo tulad Kong hindi taga-mundo. Ihiwalay Mo sila sa pamamagitan ng katotohanan; ang Iyong salita ay katotohanan. Gaya ng pagsugo Mo sa Akin tungo sa mundo, isinusugo Ko sila sa mundo. Para sa kanila ay inihihiwalay Ko ang Aking sarili, upang sila rin ay tunay na maihiwalay* (John 17:13-19).

At nang Si Jesus ay ihinarap na kay Pilato, ito naman ang Kanyang sinabi: *Ang Aking Kaharian ay wala rito sa mundo. Kung naririto yon, lalaban ang Aking mga alagad upang mahadlangan ang pag-aresto sa Akin ng mga Hudyo. Subalit ang Aking kaharian ay nasasa ibang lugar* (John 18:36).

Ang tinataguriang *Great Commission* ng Panginoong Jesus ay Kanyang ibinaba sa labing-isang disipulo na kinatagpo Niya sa isang bundok sa Galilee. Sinasabi sa mga talatang Matthew 28:16-17 na nang makita Siya ng mga ito sumampalataya sila, subalit ang iba ay nag-alinlangan. Sa mga alagad na ito ipinahayag ang *Great Commission;* sa labing-isa na Kanyang dinisciple; mga alagad na sumunod sa Kanya saan man Siya pumaroon sa loob ng humigit kumulang sa tatlong taon; mga nakinig sa Kanyang mga katuruan at naging saksi sa Kanyang mga kamangha-manghang ginawa.

Nililiwanag ng mga Scripturang ito ang relasyon na dapat mayroon ang mga alagad ni Cristo sa mga taga-mundo. Sila ay Kanyang sugo. At bilang sugo, sila ay may misyong taglay sa Matthew 28:19-20: *Humayo kayo at gumawa ng mga disipulo sa lahat ng bansa, bautismuhan sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Banal na Espiritu, at ituro sa kanila na tupdin nila ang lahat ng ipinag-utos Ko sa inyo. At Ako ay kasama ninyo hanggang sa dulo ng panahon.* Sa Acts 1:8 naman sinabi ni Cristo na sila ang Kanyang mga testigo. At habang ginagampanan nila ang kanilang mga tungkulin, sila ay magsisilbing asin ng lupa at ilaw ng mundo (Matthew 5:13-16). *Separated* ngunit hindi *isolated*; ibig sabihin, nakikita ng mga taga-mundo ngunit napagmamasdan din ang kanilang kaibahan. At ang pagkakaibang ito ay ang kaalaman ng mga mananampalataya patungkol sa salita at kalooban ng Diyos na kanilang pinaniniwalaan na siyang nagbubunga ng kakaibang uri ng pamumuhay.

Ang pagiging *evangelists* at *disciple-makers* ang naghihiwalay sa mga alagad ni Cristo noon at ngayon sa mga taga-mundo. Subalit, bakit ba na parang hindi mo na malaman kung sino ba talaga ang mga sugo ni Cristo? Parang walang pagkakaiba sa karamihan ang takbo ng buhay ng mga mananampalataya. Parang iilan-ilan lamang ang kakaiba sa karamihan at sila ay hindi kapansin-pansin.

Sa 2 Corinthians 6:14-17, binabalaan ni Apostol Pablo ang mga mananampalataya: *Huwag kayong makiisa sa mga di-mananampalataya. Anong mayroong pagkakapareho ang katuwiran at kabuktutan? Anong kaugnayan ng liwanag sa kadiliman? Anong pagkahalo mayroon si Cristo sa diyos-diyosan . . . Tulad ng sabi ng Diyos: 'Mananahan Ako na kasama nila at lalakad kasabay nila, at Ako ang kanilang magiging Diyos, at sila ang magiging bayan Ko. Kaya umalis kayo sa kanila at humiwalay.* Ang *passage* na ito ay gabay para sa ating pakikipag-ugnay sa mga taga-mundo. Habang tayo ay nagse-share ng gospel o nagwi-witness sa kanila, hindi tayo nakikiisa sa kanila sa pilosopiya ng buhay, sa mga pangarap para sa kinabukasan, sa mga lakaran, sa pagdadala ng sarili sa lipunan. Hindi tayo dapat *isolated* na wala nang *contact* sa mga tao sa mundo, subalit separated o iba tayo sa kanila pagdating sa kung sino ang ating pinaglilingkuran o binibigyang kasiyahan. Ang sabi ni Cristo sa Matthew 6:24 ay ito: *Walang makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Kasusuklaman mo ang isa at mamahalin ang isa, o magiging tapat ka sa isa at kamumuhian mo ang isa. Hindi mo mapaglilingkuran ang Diyos at ang Pera nang sabay.* Ang mga di-mananampalataya ay hindi naglilingkod sa Diyos na espiritu kundi sa Kuarta. Kuarta na nakabibili para sa kanila ng mga *material* na bagay na magdadala ng paghanga ng kanilang mga kakilala at ng madla, o ng pansamantalang kasiyahan na magpapatahimik sa pita ng kanilang laman at mata, o kaya naman ay ng kapangyarihan na hihimas ng kanilang kayabangan.

Ang mga sinasabi sa James 4:4 at 1 Corinthians 5:9-11 ay hindi magkasalungat; dapat nakikihalubilo tayo sa mga taga-mundo ngunit hindi tayo nakikipag-close sa kanila. Hindi tayo *isolated* ngunit tayo ay *separated*.

## I. Multiple Choice

1. Ang lifestyle ng mga mananampalataya dito sa lupa ay
   a. May kasamang pagdanas ng pagpapahirap sa pamumuhay
   b. Laging marangya dahil sa pagpapala
   c. Lagi kailangan ang pagsusumikap upang mapatunayan na siya ay pinagpapala

2. Ang kaharian ng Diyos ay ihinalintulad sa
   a. Masa
   b. Lebadura
   c. Lupa

3. Ang pagiging makadiyos ay may kalakip na _______________ ay malaking ganasya.
   a. Pananalangin
   b. Pagkakawanggawa
   c. Pagkacontento

4. Sa 1 Timothy 6:17, sinabi ni Pablo kay Timothy na utusa ang mayayaman na
   a. Huwag maging arogante
   b. Patuloy na gunawa ng mabuti
   c. Huwag magsawang tumulong

5. Ang mga mananampalataya ay kasusuklaman ng mundo paminsan-minsan dahil kay Cristo.
   a. True
   b. False

6. Hiniling ni Cristo Jesus sa Diyos Ama na alisin ang mga mananampalataya sa mundo upang sila ay maprotektahan laban sa sa diablo.
   a. True
   b. False

7. Ayon sa Matthew 28:19-20, ang mga mananampalataya ay isinugo sa mundo upang
   a. Maging witness sa mga tao sa mundo
   b. Maging asin at ilaw ng mundo
   c. Humayo at gumawa ng mga disipulo

8. Sinasabi sa atin sa 2 Corinthians 6:14 na ang liwanag ay walang kaugnayan sa kadiliman.
   a. True
   b. False

9. Sinasabi sa 1 Corinthians 5:9-11 na hindi tayo dapat nakikihalubilo sa mga taga-mundo.
   a. True
   b. False

© Revised July 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.